| Aralin 5 | الدرس الخامس |
|---|---|

## Ang Kahulugan ng *Lá Iláha Illalláh*

Ang paniniwala sa ***Lá Iláha Illalláh***: **Walang Diyos Kundi si Allah** ay ang pangunahing saligan ng Islam at ito ay may pinakada-kilang kalagayan sa Relihiyong Islam sapagkat ito ang una sa mga haligi ng Islam, ang pinakamataas na sangay sa mga sangay ng pananampalataya, at ang pagtanggap ni Allah sa mga gawa ng tao ay nakabatay sa pagpapahayag nito at sa pagkilos o paggawa ayon sa mga hinihiling nito.

Tungkol naman sa totoong kahulugan nito na hindi dapat lumihis dito ang pag-unawa ay ***walang sinasamba sa totoo kundi si Allah***; ang kahulugan nito ay hindi 'walang Tagapaglikha kundi si Allah,' o 'walang may kakayahang lumalang kundi si Allah,' o 'walang umiiral kundi si Allah.' Ang pahayag na ito ay may dalawang Saligan:

1. Ang pagkakaila. Ito ay napapaloob sa pagsabi natin ng ***Lá Iláha***: Walang Diyos, sapagkat ikinaila nito ang pagkadiyos sa lahat ng bagay.
2. Ang pagkilala. Ito ay napapaloob sa pagsabi natin ng ***Illalláh***: Kundi si Allah, sapagkat kinilala nito na ang pagkadiyos ay ukol kay Allah lamang: wala Siyang katambal.

Samakatuwid, walang sasambahin kundi si Allah lamang at hindi ipinahihintulot na magbaling ng anuman sa mga uri ng pagsamba sa iba bukod pa kay Allah. Kaya ang sinumang magsabi ng ***Lá Iláha Illalláh***, nang nalalaman niya ang kahulugan nito at kumikilos ayon sa hinihiling nito gaya ng pagtanggi sa Shirk at pagkilala sa kaisahan ni Allah, kalakip ng matatag na paniniwala sa isinasaad nito at ng pagkilos ayon dito, siya talaga ang Muslim. Ang sinumang kumiki-los ayon sa hinihiling ng ***Lá Iláha Illalláh***, ngunit walang paniniwala rito, siya ay isang Munáfiq;[1] ang sinumang kumikilos nang salungat sa hinihiling nito gaya ng paggawa ng Shirk, siya ay isang Mushrik na Káfir;[2] kahit pa man sabihin niya ito sa pamamagitan ng bibig niya.

## Ang Kapakinabangang Dulot ng *Lá Iláha Illalláh*

Ang pahayag na ito ay may maraming mga kapakinabangan at mga bungang idinudulot. Ang mga sumusunod ang ilan sa mga ito:

1. Na ito ay isang dahilang humahadlang upang manatili magpakai-lanman sa Impiyerno ang sinumang naniniwala sa Tawhíd na naging karapat-dapat na pumasok sa Impiyerno (dahil sa mga nagawang masama). Nasasaad sa Hadíth sa Sahíh al-Bukhárí at Sahíh Muslim na ang Propeta (SAS) ay nagsabi: ***"Ilalabas sa Impiyerno ang sinumang nagsabi ng* Lá Iláha Illalláh *habang sa kanyang puso ay may kasimbigat ng isang butil na barley na kabutihan, at ang sinumang nagsabi ng* Lá Iláha Illalláh *habang sa kanyang puso ay may kasimbigat ng isang butil na trigo na kabutihan, at ilalabas din sa Impiyerno ang sinumang nagsabi ng* Lá Iláha Illalláh *habang sa kanyang puso ay may kasimbigat ng isang butil na alabok na kabutihan."***
2. Alang-alang dito ay nilikha ang jinn at ang tao. Sinabi ni Allah (51:56): **"At hindi Ko nilikha ang Jinní at ang Tao kung hindi upang sambahin nila Ako."**
3. Ito rin ang dahilan kaya isinugo ang mga Sugo at ibinaba ang mga Banal na Aklat. Sinabi Niya (21:25): **"At hindi Kami nagsugo noong wala ka pa ng isang sugo kung hindi Namin isiniwalat dito na walang Diyos kundi Ako, kaya naman sambahin ninyo Ako."**
4. Ito ang susi ng pag-aanyaya ng mga sugo ni Allah. Silang lahat ay nag-anyaya sa katuruang ito. Ang bawat isa sa kanila, ayon sa nasasaad sa Qur'án (7:73), ay nagsasabi sa mga taong pinagsuguan sa kanila: **"…Sambahin ninyo si Allah; wala na kayong Diyos na iba pa sa Kanya.…"**
5. Ito ang pinakamainam na binabanggit sa paggunita kay Allah, gaya nga ng sinabi ng Propeta (SAS): ***"Ang pinakamainam na sinabi ko at ng mga propeta na nauna sa akin ay* Lá iláha illalláh, wahdahu lá Sharíka lah (*Walang Diyos kundi si Allah—tanging Siya lamang: wala Siyang katambal*)."**

[1] Nagkukunwari o nagpapanggap na sumasampalataya sa Islam.
[2] Isang di-Muslim o isang tumatangging sumampalataya sa Islam.